



County of San Diego

Tanggapan ng Mga Pamantayan at Pagpapatupad sa Paggawa

Ordinansa sa Mga Nagtatrabahong Pamilya Abiso sa Mga Empleyadong Nagtatrabaho sa Inuupahang Pag-aari na Pagmamay-ari ng County

Ang Ordinansa sa Mga Nagtatrabahong Pamilya ng San Diego County, na ipinapatupad ng Tanggapan ng Mga Pamantayan at Pagpapatupad sa Paggawa (Office of Labor Standards and Enforcement, OLSE) ng San Diego County, ay pinoprotektahan ka mula sa mga maling rate ng sahod at hindi magagandang kondisyon sa pagtatrabaho kung nagtatrabaho ka sa pag-aari na pagmamay-ari ng county na inuupahan ng iyong employer mula sa County.

Simula¹ Abril 01, 2022, ang mga bagong nangungupahan sa pag-aari na pagmamay-ari ng County o mga nangungupahan na nagpapalawig o lubos na inaamyendahan ang kanilang pagpapaupa sa County, kanilang mga sublessee o may hawak ng lisensya (sa anumang antas), na gumagamit ng inuupahang pag-aari na pagmamay-ari ng County ay dapat tiyakin na:

1. **Umiiral na Sahod:** Ang mga empleyado at contractor na nagsasagawa ng trabaho sa mga proyekto sa konstruksyon sa inuupahang pag-aari na pagmamay-ari ng County, kung saan ang kontrata ay may halagang higit sa \$1,000,000, ay dapat na mabayaran nang hindi bababa sa mga umiiral na rate ng sahod, at kung mayroon, na itinakda ng Departamento ng Mga Ugnayang Pang-industriya ng California (California Department of Industrial Relations). Ang umiiral na sahod ay dapat na mabayaran sa simula ng proyekto at hindi lang sa punto na maaabot ang threshold na \$1,000,000.

Magiging paglabag sa Ordinansa na ito kung hahatiin ng mga nangungupahan ng pag-aari na pagmamay-ari ng County o ng kanilang mga sublessee, o may hawak ng lisensya ang trabaho para sa mga layunin ng pag-iwas sa kinakailangan na threshold na \$1,000,000 sa Ordinansa sa Mga Pamilyang Nagtatrabaho.

2. **Mga May Kasanayang Manggagawa:** Dapat gumamit ng mga may kasanayan at sinanay na manggagawa² sa pagkumpleto ng anumang proyekto sa konstruksyon sa inuupahang pag-aari na pagmamay-ari ng County kung saan ang halaga ng kontrata ay:
 - i. Higit sa \$1,000,000; o
 - ii. Higit sa \$25,000 kung saan ang lahat ng trabaho ay isinasagawa ng okupasyon na inaprubahan para sa apprenticeship

¹Nalalapat ang mga kinakailangan sa Ordinansa sa Mga Pamilyang Nagtatrabaho kapag pumapasok ang mga nangungupahan sa anumang bagong kasunduan sa County pagkatapos ng Abril 1, 2022, o pagkatapos ng anumang pagbabagong pinapahaba ang termino ng anumang umiiral na kasunduan pagkatapos ng Abril 1, 2022. [Seksyon 73.12 \(b\) ng Kodido sa Mga Administratibong Ordinansa ng County](#)

² Seksyon 2601(d) ng Kodigo sa Pamublikong Kontrata.



County of San Diego

3. **Mga Kondisyon sa Lugar ng Trabaho:** Tiyakin na ang lahat ng pasilidad at mga kondisyon sa pag-aari na pagmamay-ari ng County ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng anumang ordinansang ipinapatupad ng County o mga patakaran ng Lupon na nangangasiwa sa mga kondisyon sa lugar ng trabaho.
4. **Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit:** Magbigay sa mga empleyado ng isang oras na bayad na pagliban dahil sa sakit para sa bawat 30 oras na nagtrabaho, na may pagtaas ng limitasyon na hindi bababa sa 48 oras kada taon para sa pangangalaga para sa iyong sarili o mga miyembro ng iyong pamilya para sa mga pagliban dahil sa alinman sa mga sumusunod:
 - karamdaman sa pag-iisip o pisikal na karamdaman, pinsala, o kondisyon sa kalusugan;
 - ang pangangailangan para sa medikal na diagnosis, pangangalaga, o paggamot ng karamdaman sa pag-iisip o pisikal na karamdaman, pinsala, o kondisyon sa kalusugan;
 - ang pangangailangan para sa pang-iwas na medikal na pangangalaga; medikal na atensiyong kailangan para gumaling mula sa pisikal o sikolohikal na pinsala o kapansanan dahil sa karahasan sa tahanan, seksuwal na pag-atake, o palihim na pagsubaybay (pag-stalk);
 - ang pangangailangan para kumuha ng mga serbisyo mula sa isang organisasyon para sa mga serbisyo sa biktima o sikolohikal na pagpapayo o ibang pagpapayo dahil sa karahasan sa tahanan, seksuwal na pag-atake, o palihim na pagsubaybay;
 - ang pangangailangan para lumipat o protektahan ang kasalukuyang tahanan dahil sa karahasan sa tahanan, seksuwal na pag-atake, o palihim na pagsubaybay; at
 - ang pangangailangan para kumuha ng mga legal na serbisyo, kasama ang paghahanda para sa o pakikilahok sa anumang sibil o pangkrimen na legal na paglilitis, na nauugnay o nagreresulta mula sa karahasan sa tahanan, seksuwal na pag-atake, o palihim na pagsubaybay.
5. **Bawal ang Paghihiganti:** Ang mga employer ay hindi dapat mandiskrimina, magpaalis, mang-harass, o gumawa ng anumang malubhang aksyon o maghiganti laban sa iyo dahil sa pagpapahayag ng mga alalahanin tungkol sa mga tuntunin at kondisyon ng iyong pagtatrabaho.
6. **Mag-ulat ng Mga Paglabag:** limbestigahan ng OLSE ng San Diego County ang iyong reklamo at magpapatupad ito para sa mga paglabag sa Ordinansa sa Mga Nagtatrabahong Pamilya.



County of San Diego

PAGHAHAIN NG REKLAMO

Ginagawang posible ng Ordinansa sa Mga Pamilyang Nagtatrabaho ang mga sibil na multa, sitasyon, at remedyo sa kontrata laban sa contractor o subcontractor na lumalabag sa ordinansang ito.

Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa ilalim ng Ordinansa sa Mga Pamilyang Nagtatrabaho, o ikaw ay na-harass, o naghiganti sa iyo ang iyong employer dahil sa pagsasabi mo ng mga alalahanin tungkol sa mga tuntunin at kondisyon ng pagtatrabaho habang nagtatrabaho sa isang inuupahang pag-aari na pagmamay-ari ng County, maghain ng reklamo sa OLSE ng San Diego County.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO, MANGYARING MAKIPAG-UGNAYAN SA:

San Diego County Office of Labor Standards and Enforcement
Telepono: (619) 531-5129

Address na Pagpapadalhan:

San Diego County Office of Labor Standards and Enforcement
1600 Pacific Highway, Room 452
San Diego, CA 92101

Website: <https://www.sandiegocounty.gov/OLSE>

Email: olse@sdcounty.ca.gov